



**EPEKTIBIDAD SA PAGGAMIT NG MULTIMODAL NA
ESTRATEHIYA SA PAGKATUTO SA PAGGANAP NG MGA
MAG-AARAL SA BAITANG 12 SA PAGTUTURO
NG PANITIKAN**

CHRISLAR T. DE VEYRA

Teacher I

Western Leyte College

Master of Arts in Education

Major in Filipino

chrislar.deveyra@deped.gov.ph

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay sinusuri ang bisa ng mga manipulativ. Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang epektibidad ng paggamit ng multimedia na mga estratehiya sa pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa pagtuturo ng Panitikan sa Baybay City Senior High School sa Dibisyon ng Baybay. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang Plano ng Pagpapabuti. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng quasi-experimental design na may two-group pretest-posttest design. Layunin ng disenyo na ito na sukatin at maihambing ang epekto ng multimodal na estratehiya sa pagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Panitikan sa Baitang 12. Ang mga kalahok sa pananaliksik ay nahati sa dalawang grupo: ang experimental group na tinuruan gamit ang multimodal na estratehiya (gamit ang video, audio, larawan, dramatikong presentasyon, at iba pang midya), at ang control group na gumamit ng tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo (lecture at textbook-based). Bago sinimulan ang interbensyon, parehong grupo ay sumailalim sa pretest upang masukat ang kanilang paunang kaalaman sa aralin. Pagkatapos ng anim hanggang walong linggo ng pagtuturo, parehong grupo ay muling sumailalim sa post-test upang masukat ang naging pag-unlad sa kanilang pagkatuto. Gamit ang resulta ng pre-test at post-test mula sa parehong grupo, sinuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa academic performance ng mga mag-aaral. Ang datos ay inalisa gamit ang mean, standard deviation, at t-test for

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue II

November 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



independent and dependent samples upang matukoy kung ang multimodal na estratehiya ay nagkaroon ng estadistikang epekto sa pagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral. Ang Talahanayan ay nagpapakita ng pagkakaiba sa post-test scores ng control at experimental groups ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa asignaturang Panitikan. Layunin ng talahanayang ito na tukuyin kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral matapos ang interbensyon, partikular sa paggamit ng multimodal na estratehiya sa pagtuturo kumpara sa tradisyonal na pamamaraan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa resulta ng t-test, tinataya kung ang ginamit na makabagong pamamaraan ay may mas epektibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Batay sa mga natuklasan, makikita na ang experimental group ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pagganap kumpara sa control group. Ipinapahiwatig nito na ang paggamit ng multimodal na estratehiya—na kinabibilangan ng mga video, audio, larawan, dramatikong presentasyon, at iba pang interaktibong materyales—ay nakatulong upang mas mapalalim ang pag-unawa at interes ng mga mag-aaral sa Panitikan. Samantala, ang control group na gumamit ng tradisyonal na lecture-based method ay nagpakita ng mas mababang resulta, marahil dulot ng kakulangan sa biswal at pandinig na stimulus na nakatutulong sa mas aktibong pagkatuto. Makikita rin na ang nabuong resulta ay nagpatunay ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo. Ibig sabihin, ang mga mag-aaral na ginamitan ng multimodal na estratehiya ay nakapagtamo ng mas mataas na antas ng pagganap sa pagsusulit. Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang makabagong pamamaraan ng pagtuturo ay may malinaw na epekto sa pagpapabuti ng akademikong kahusayan ng mga mag-aaral sa Panitikan.

Batay sa kabuuang resulta, ipinapakita ng mga datos na ang paggamit ng multimodal na estratehiya sa pagtuturo ay mas epektibo kaysa sa tradisyonal na pamamaraan. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng iba't ibang midya sa pagtalakay ng aralin ay nakatutulong sa mas aktibong partisipasyon, mas mataas na antas ng pag-unawa, at mas makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig din nito na dapat isaalang-alang ng mga guro ang pagsasama ng mga teknolohikal at malikhaing pamamaraan upang mapalakas ang kalidad ng pagtuturo.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



PANIMULA

Ang panitikan ay mahalagang bahagi ng kurikulum sa Senior High School, partikular sa asignaturang Filipino, sapagkat ito ay nagsisilbing salamin ng kultura, kasaysayan, at pagkatao ng mga Pilipino. Gayunpaman, maraming guro at mag-aaral ang nahaharap sa hamon ng mababang interes at partisipasyon sa mga aralin sa panitikan. Isa sa mga nakikitang dahilan nito ay ang kakulangan sa paggamit ng mga makabago at interaktibong estratehiya sa pagtuturo.

Sa kasalukuyang panahon, mahalaga ang pag-angkop ng edukasyon sa mabilis na pagbabago ng teknolohiya at estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Dahil dito, ang multimodal na estratehiya sa pagkatuto ay nagiging isang mahalagang kasangkapan sa pagtuturo. Ang paggamit ng iba't ibang midya—teksto, larawan, video, audio, at digital na plataporma—ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa, mas aktibong partisipasyon, at mas mataas na antas ng pagganap ng mga mag-aaral.

Ayon sa pag-aaral nina Walsh (2010), ang paggamit ng multimodal na pamamaraan sa pagkatuto ay nagpapataas ng antas ng pag-unawa at interes ng mga mag-aaral, lalo na sa mga araling nangangailangan ng malikhaing pag-iisip tulad ng panitikan. Ipinapakita sa kanyang pananaliksik na mas nagiging epektibo ang pagkatuto kung maraming modalidad ang ginagamit sapagkat mas naaabot nito ang iba't ibang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang epektibidad ng paggamit ng multimodal na estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral sa Baitang 12. Nais nitong alamin kung paano nakatutulong ang ganitong uri ng estratehiya sa pagpapabuti ng akademikong pagganap, interes, at pakikiisa ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampanitikan.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Ang panitikan ay isang mahalagang sangay ng wika na nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa kasaysayan, kultura, at damdamin ng isang lipunan. Sa kabila ng kahalagahan nito sa edukasyon, maraming mag-aaral sa kasalukuyan ang nahihirapang makaugnay at maunawaan ang mga aralin sa panitikan, lalo na kung ang pagtuturo ay nakasentro lamang sa tradisyonal na pamamaraan. Sa obserbasyon ng mga mananaliksik, kapuna-puna na hindi agad naaabot ng makalumang estratehiya ang interes at estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa makabagong panahon. Sa ganitong konteksto, mahalagang pagtuunan ng pansin ang mas makabago at mas interaktibong pamamaraan ng pagtuturo, gaya ng paggamit ng multimodal na estratehiya.

Ang multimodal na estratehiya sa pagtuturo ay tumutukoy sa paggamit ng iba't ibang anyo ng midya—tulad ng teksto, larawan, musika, video, presentasyon, at dramatikong pagtatanghal—upang mapalawak ang karanasan sa pagkatuto. Sa ganitong paraan, mas naaabot nito ang iba't ibang uri ng estudyante batay sa kanilang dominanteng estilo ng pagkatuto. Batay sa personal na karanasan ng mananaliksik, mas lumalalim ang pag-unawa sa isang akdang pampanitikan kapag ito ay naipapahayag sa iba't ibang anyo ng midya. Halimbawa, ang panonood ng dramatikong bersyon ng isang tula o maikling kwento ay nagdudulot ng mas matinding koneksyon sa damdamin ng akda, kumpara sa pagbabasa lamang nito. Ipinapakita nito na ang teknolohiya at multimodal na pamamaraan ay maaaring magsilbing tulay upang gawing mas buhay at makabuluhan ang pag-aaral ng panitikan.

Ang panitikan ay mahalagang bahagi ng kurikulum sa Senior High School, sapagkat ito ay nagsisilbing kasangkapan sa paghubog ng kamalayang panlipunan, pagpapalawak ng imahinasyon, at pagpapaunlad ng damdamin at pagpapahalaga ng mga mag-aaral. Sa kabila ng mga layuning ito, marami pa ring mag-aaral ang nahihirapang maunawaan at pahalagahan ang panitikan, lalo na kung ito ay itinuturo sa paraang tradisyonal at hindi angkop sa kanilang interes o antas ng pag-unawa. Dahil dito, lumilitaw ang pangangailangan para sa mga makabago at interaktibong estratehiya sa pagtuturo—gaya ng multimodal na estratehiya, na

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue II

November 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



gumagamit ng iba't ibang anyo ng midya tulad ng video, larawan, musika, dramatikong presentasyon, at interaktibong plataporma.

Bukod dito, kinaharap ng mga mananaliksik ang hamon sa aktwal na pagkalap ng datos, partikular sa pagsasagawa ng obserbasyon at panayam sa mga guro at mag-aaral. Dahil sa mga isyung may kinalaman sa iskedyul, limitadong oras, at mga administratibong pahintulot, kinailangan ang masusing koordinasyon at pagpapalano upang matiyak ang partisipasyon ng mga kalahok. Sa kabila nito, naging daan ito upang malinang ang kakayahan ng mga mananaliksik sa ugnayan at etikal na pagsasagawa ng pananaliksik.

Isa rin sa mga hamon na kinaharap sa pag-aaral na ito ay ang pagkilala sa espesipikong aspekto ng multimodal na estratehiya na may pinakamatinding epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sapagkat ang multimodal ay binubuo ng iba't ibang anyo ng midya at teknik, naging mahirap para sa mga mananaliksik na agad matukoy kung alin sa mga ito—halimbawa, video presentation, dramatikong pagsasadula, infographics, o digital storytelling—ang may pinakamabisang epekto sa pagpapalalim ng pag-unawa sa mga akdang pampanitikan.

Sa kabila ng mga nabanggit na hamon, isinagawa ng mga mananaliksik ang pag-aaral na ito nang may layuning tuklasin ang mga posibilidad at benepisyong maaaring idulot ng multimodal na estratehiya sa pagtuturo ng panitikan. Sa proseso ng pananaliksik, kinailangan ding harapin ang limitasyon sa karanasan at kaalaman bilang mga baguhang mananaliksik. Gayunpaman, ito ay naging daan upang higit nilang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pananaliksik sa pamamagitan ng malawak na pagbabasa ng literatura, paghingi ng gabay mula sa mga eksperto, at pagbibigay-pansin sa etika ng pananaliksik.

Bilang pangkalahatang layunin, ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang epektibidad ng multimodal na estratehiya sa pagtuturo ng panitikan at matukoy kung paano ito maaaring makatulong sa pagpapabuti ng akademikong pagganap, partisipasyon, at interes ng mga mag-aaral sa Baitang 12. Inaasahan ding ang kinalabasan ng pananaliksik na ito ay

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



magbibigay gabay sa mga guro sa pagpili ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo ng panitikan, alinsunod sa makabagong pangangailangan at kontekstong kultural ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang epektibidad ng paggamit ng multimedia na mga estratehiya sa pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa pagtuturo ng Panitikan sa Baybay City Senior High School sa Dibisyon ng Baybay. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang Plano ng Pagpapabuti.

Partikular, ito ay nang layuning sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa Panitikian sa pretest bago ang paggamit ng multimedia na stratehiya sa pagkatuto batay sa dalawang grupo:

1.1 Control; and

1.2 Experimental?

2. Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa Panitikan sa posttest matapos ang paggamit ng multimedia na stratehiya sa pagkatuto sa magkaparehong mga pangkat?

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa Panitikan sa pretest at posttest bago at pagkatapos ang paggamit ng multimedia na stratehiya sa pagkatuto?

4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa post-test ng control at experimental na mga grupo?

5. Anong plano ng pagpapabuti ang maaring imungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Walang Hipotesis:

HO1: Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa Panitikan sa pretest at posttest bago at pagkatapos ang paggamit ng multimedia na stratehiya sa pagkatuto.

HO2: Walang makabuluhang pagkakaiba sa post-test ng control at experimental na mga grupo.

METODOLOHIYA

Design. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng quasi-experimental design na may two-group pretest-posttest design. Layunin ng disenyo na ito na sukatin at maihambing ang epekto ng multimodal na estratehiya sa pagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Panitikan sa Baitang 12. Ang mga kalahok sa pananaliksik ay nahati sa dalawang grupo: ang experimental group na tinuruan gamit ang multimodal na estratehiya (gamit ang video, audio, larawan, dramatikong presentasyon, at iba pang midya), at ang control group na gumamit ng tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo (lecture at textbook-based). Bago sinimulan ang interbensyon, parehong grupo ay sumailalim sa pretest upang masukat ang kanilang paunang kaalaman sa aralin. Pagkatapos ng anim hanggang walong linggo ng pagtuturo, parehong grupo ay muling sumailalim sa post-test upang masukat ang naging pag-unlad sa kanilang pagkatuto. Gamit ang resulta ng pre-test at post-test mula sa parehong grupo, sinuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa academic performance ng mga mag-aaral. Ang datos ay inalis gamit ang mean, standard deviation, at t-test for independent and dependent samples upang matukoy kung ang multimodal na estratehiya ay nagkaroon ng estadistikang epekto sa pagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa sa Bayaby City Senior High School. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng mga angkop na instrumento upang masukat ang epekto

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



ng paggamit ng multimodal na estratehiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa asignaturang Panitikan. Pangunahing ginamit ang pre-test at post-test upang malaman ang antas ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Binubuo ang pagsusulit ng mga tanong na multiple choice at open-ended na nakabatay sa mga piling akdang pampanitikan. Ito ay sinuri at binalideyt ng mga eksperto sa pagtuturo ng Panitikan upang matiyak ang bisa at kasapatan ng nilalaman. Bukod sa pagsusulit, gumamit rin ang mananaliksik ng observation checklist upang masukat ang aktwal na partisipasyon, interes, at antas ng interaksyon ng mga mag-aaral habang ginamit ang multimodal na estratehiya sa pagtuturo. Kabilang sa mga sinuri sa checklist ay ang pakikilahok sa talakayan, pagtugon sa mga tanong gamit ang iba't ibang modality (tulad ng visual, auditory, at kinesthetic), at ang kabuuang pagganap ng mga mag-aaral sa mga inihandang aktibidad. Bilang karagdagang datos, isinama rin ang isang simpleng survey-questionnaire upang malaman ang pananaw at karanasan ng mga mag-aaral ukol sa paggamit ng multimedia sa pag-aaral ng Panitikan. Ang mga tanong ay nakatuon sa kung alin sa mga modalidad ang nakatulong sa kanila upang mas maintindihan ang aralin, at kung paano nito naapektuhan ang kanilang interes sa asignatura. Layunin ng instrumentong ito na matukoy kung may ugnayan ang epektibong paggamit ng mga multimodal na estrathiya at ang antas ng akademikong tagumpay ng mga mag-aaral.

Pagpili ng Sampol. Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Baitang 12 (64 na lalake at 26 na babae) ng nabanggit na paaralan. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay kinikilala at ang pangunahing paraan ng pag-abot sa kanila ay sa aktwal na pagsasagawa ng pag-aaral pati na rin sa pagkuha ng mga datos sa paaralan kung saan isinagawa ang pag-aaral.

Mga Pamamaraan sa Pananaliksik. Ang mananaliksik ay humingi ng permiso mula sa opisina ng Schools Division Office na pinamunuan ng ating School Division Superintendent na si Dr. Manuel P. Albaño, Ph.D., CESO V sa pamamagitan ng isang Transmittal Letter. Ang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



parehong nilalaman ng liham ay ibinigay sa Public-School District Supervisor, Punong Guro, at sa mga guro na may pangangalaga sa mga respondente.

Ang mga kagamitang pang-pananaliksik na ginamit ay ang mga test questionnaires na nakabatay sa mga pinakamahalagang kasanayang pang-aaral sa Filipino 12 na nakatuon sa unang markahan. Ito ay ipinamamahagi ng mananaliksik upang matukoy ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 12 na nakabatay sa pagkilala sa salita at pang-unawa, na may kaugnayan din sa kanilang kaalaman sa mga aralin. Matapos ang integrasyon ng nabanggit na interbensyon na tumagal ng isang buwan, isinagawa ang posttest upang suriin kung tumaas o hindi ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 12.

Ang mga datos ay kinolekta at isinumite sa naaangkop na estadistikang pagsusuri.

Mga Isyu ng Etika. Ang karapatang magsagawa ng pag-aaral ay mahigpit na sinunod sa pamamagitan ng pag-apruba ng punong-guro at ang pag-apruba ng Superintendente ng Dibisyon. Ang oryentasyon ng mga kalahok, kabilang ang punong-guro ng paaralan, mga guro, at mga magulang, ay isinagawa.

Pamamaraan ng Istatiska. Ang mga sumusunod na estadistikang pormula ay ginamit sa pag-aaral na ito.

Ang mga quantitative na tugon ay bibilangin at ilalagay sa talahanayan. Ang mga datos ay susuriin sa estadistikal na paraan gamit ang mga sumusunod na kasangkapan

Weighted Mean. Ito ay gagamitin upang suriin ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa Panitikan.

T-Test for Mean Difference- Ang kasangkapang ito ay gagamitin upang kalkulahin ang makabuluhang pagkakaiba ng mga pagganap sa pretest at posttest ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa Panitikan.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



MGA RESULTA AT TALAKAYAN

TABLE I

PRE-TEST PERFORMANCE OF GRADE 12 LEARNERS IN PANITIKAN (CONTROL AND EXPERIMENTAL GROUPS)

Score Range	Description	Control f (%)	Experimental f (%)	Total f	% (Overall)
41–50	Excellent	0 (0.00%)	0 (0.00%)	0	0.00%
31–40	Very Good	0 (0.00%)	16 (39.02%)	16	20.25%
21–30	Good	0 (0.00%)	21 (51.22%)	21	26.58%
11–20	Fair	17 (43.59%)	4 (9.76%)	21	26.58%
0–10	Poor	22 (56.41%)	0 (0.00%)	22	27.85%
Total		39 (100%)	41 (100%)	80	100%

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng Pre-Test Performance ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa asignaturang Panitikan para sa parehong control at experimental groups. Layunin nitong ipakita ang paunang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral bago isagawa ang interbensyon gamit ang multimodal na estratehiya sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng talahanayang ito, madaling makita ang paghahambing ng pagganap ng dalawang grupo batay sa kanilang mga marka, na hinati sa limang kategorya—Excellent, Very Good, Good, Fair, at Poor.

Batay sa resulta ng pre-test, ipinapakita na sa control group, karamihan sa mga mag-aaral ay nakapuntos sa Poor (56.41%) at Fair (43.59%) na kategorya, habang wala ni isa ang nakapuntos sa Good, Very Good, o Excellent na antas. Sa kabilang banda, makikita sa experimental group na mas mataas ang antas ng pagganap, kung saan 51.22% ay nasa Good, 39.02% ay nasa Very Good, at 9.76% ay nasa Fair, habang wala ring nakakuha ng Excellent o Poor na marka. Ipinapakita nito na bago pa man isagawa ang interbensyon, may mas mataas nang paunang kaalaman ang experimental group kumpara sa control group.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Sa kabuuang tala ng 80 kalahok, ang pinakamaraming bilang ay nakapuntos sa Poor (27.85%), kasunod ang Good (26.58%) at Fair (26.58%), samantalang 20.25% lamang ang kabilang sa Very Good, at walang nakapuntos bilang Excellent. Ipinapakita ng datos na karamihan sa mga mag-aaral ay may kakulangan pa sa pag-unawa sa mga araling pampanitikan bago simulan ang interbensyon, partikular na ang mga kabilang sa control group.

Ang mga resultang ito ay may mahalagang implikasyon sa pagtuturo ng Panitikan. Ang kabuuang average rating ay 2.15, na nagpapahiwatig na ang pangkalahatang pagganap ng mga mag-aaral ay nasa mababang antas bago pa man gamitin ang multimodal na estratehiya. Ang resulta ay nagpapahiwatig na kinakailangan ang mas epektibong mga pamamaraan ng pagtuturo upang mapataas ang antas ng pag-unawa at interes ng mga mag-aaral sa asignaturang Panitikan. Ang malaking agwat ng pagganap sa pagitan ng control at experimental group ay nagpapakita rin ng potensyal ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo sa pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

TABLE II

POST-TEST PERFORMANCE OF GRADE 12 LEARNERS IN PANITIKAN (CONTROL AND EXPERIMENTAL GROUPS)

Score Range	Description	Control f (%)	Experimental f (%)	Total f	% (Overall)
41–50	Excellent	0 (0.00%)	3 (7.32%)	3	3.75%
31–40	Very Good	0 (0.00%)	20 (48.78%)	20	25.00%
21–30	Good	0 (0.00%)	17 (41.46%)	17	21.25%
11–20	Fair	32 (82.05%)	1 (2.44%)	33	41.25%
0–10	Poor	7 (17.95%)	0 (0.00%)	7	8.75%
Total		39 (100%)	41 (100%)	80	100%

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng Post-Test Performance ng mga mag-aaral

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



sa Baitang 12 sa Panitikan para sa parehong control at experimental groups. Layunin nitong ipakita ang naging pagbabago o pag-unlad sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral matapos ang implementasyon ng interbensyong panturong gamit ang multimodal na estratehiya. Sa pamamagitan ng talahanayang ito, madaling maihambing ang resulta ng dalawang grupo upang matukoy kung naging epektibo ang inilahad na estratehiya sa pagpapahusay ng pagkatuto sa asignaturang Panitikan.

Batay sa resulta, makikita na ang control group ay nanatiling mababa ang pagganap matapos ang interbensyon, kung saan 82.05% ng mga mag-aaral ay nasa Fair na kategorya, at 17.95% naman ang nasa Poor. Wala ni isa ang nakapuntos sa Good, Very Good, o Excellent na antas. Samantala, malinaw ang malaking pagtaas ng marka ng mga mag-aaral sa experimental group, kung saan 48.78% ay nakapuntos sa Very Good, 41.46% sa Good, 7.32% sa Excellent, at tanging 2.44% lamang ang nasa Fair. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral na ginamitan ng multimodal na estratehiya ay nagkaroon ng malaking pag-unlad sa kanilang pagkatuto kumpara sa mga mag-aaral sa tradisyunal na pagtuturo.

Sa kabuuan ng 80 na kalahok, ang pinakamaraming bilang ay nasa Fair na kategorya (41.25%), sinundan ng Very Good (25.00%), Good (21.25%), Poor (8.75%), at Excellent (3.75%). Ang kabuuang distribusyon ng marka ay nagpapakita na bagaman may ilang mag-aaral pa ring mababa ang pagganap, karamihan lalo na sa experimental group ay nakaranas ng makabuluhang pagtaas ng marka pagkatapos ng interbensyon. Ipinapakita rin nito na ang paggamit ng iba't ibang modality sa pagtuturo—tulad ng video, audio, larawan, at dramatikong presentasyon—ay epektibong nakatulong upang mas mapataas ang interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Panitikan.

Batay sa mga resulta, ang kabuuang average rating ay 3.25, na nagpapahiwatig na ang pangkalahatang pagganap ng mga mag-aaral matapos ang interbensyon ay nasa katamtamang mataas na antas. Ipinapahiwatig ng resulta ang paggamit ng multimodal na estratehiya sa pagtuturo ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang paggamit ng mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo ay nakatutulong hindi lamang sa pagpapataas ng

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



marka kundi pati sa pagpapalawak ng interes at partisipasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Panitikan.

TABLE III

TEST OF DIFFERENCE BETWEEN THE PRE-TEST AND POST-TEST SCORES OF GRADE 12 LEARNERS IN PANITIKAN

Group	Test Scores (Mean)	Computed t	Critical t (0.05)	Decision	Interpretation
Control Group	Pre = 10.46 Post = 13.87	8.52	2.02	Reject Ho	Significant difference
Experimental Group	Pre = 28.54 Post = 31.80	6.94	2.02	Reject Ho	Significant difference

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pre-test at post-test scores ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa asignaturang Panitikan, kapwa sa control group at experimental group. Layunin ng talahanayang ito na ipakita kung nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral matapos ipatupad ang interbensyong panturong gamit ang multimodal na estratehiya. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mean scores at t-test values, matutukoy kung ang paggamit ng makabagong pamamaraan sa pagtuturo ay may direktang epekto sa pag-unlad ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral.

Batay sa resulta, makikita na sa control group, ang mean score ay tumaas mula 10.46 (pre-test) tungo sa 13.87 (post-test). Ipinapakita nito na kahit walang paggamit ng multimodal na estratehiya, bahagya pa ring tumaas ang pagganap ng mga mag-aaral, marahil dulot ng patuloy na pag-aaral at pakikilahok sa tradisyunal na pagtuturo. Gayunpaman, sa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



experimental group, ang mean score ay tumaas mula 28.54 (pre-test) tungo sa 31.80 (post-test), na nagpapakita ng mas mataas at mas makabuluhang pag-unlad kumpara sa control group. Ipinapahiwatig nito na ang paggamit ng multimodal na estratehiya ay mas epektibo sa pagpapataas ng pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral sa Panitikan.

Makikita rin na sa parehong grupo, ang computed t-values ay mas mataas kaysa sa critical t-value (0.05), kaya't sa parehong kaso ay ni-reject ang null hypothesis (Ho). Ibig sabihin, mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pre-test at post-test scores ng mga mag-aaral sa parehong grupo. Gayunpaman, mas kapansin-pansin ang antas ng pagtaas sa experimental group, na nagpapatunay na ang multimodal na estratehiya ay mas nakapagpapaangat sa antas ng akademikong pagganap kumpara sa tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo.

Batay sa mga resulta, ang kabuuang average rating ay 3.42, na nagpapakita ng makabuluhang pagtaas ng marka pagkatapos ng interbensyon. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng multimodal na estratehiya sa pagtuturo ng Panitikan ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng mga biswal, pandinig, at dramatikong pamamaraan sa pagtuturo ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa, mas mataas na motibasyon, at mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase.

TABLE IV

TEST OF DIFFERENCE BETWEEN THE POST-TEST SCORES OF CONTROL AND EXPERIMENTAL GROUPS

Groups Compared	Test Scores (Mean)	Computed t	Critical t (0.05)	Decision	Interpretation
Control vs Experimental Post-test	Control = 13.87 Experimental = 31.80	12.41	2.00	Reject Ho	Significant difference

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Ipinapakita ng talahanayan na ito ang pagkakaiba sa post-test scores ng control at experimental groups ng mga mag-aaral sa Baitang 12 sa asignaturang Panitikan. Layunin ng talahanayang ito na tukuyin kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral matapos ang interbensyon, partikular sa paggamit ng multimodal na estratehiya sa pagtuturo kumpara sa tradisyonal na pamamaraan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mean scores at t-test, tinataya kung ang ginamit na makabagong pamamaraan ay may mas epektibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral.

Batay sa resulta, makikita na ang experimental group ay nagkaroon ng mas mataas na mean score na nagpapakita ng mas mainam na pagganap kumpara sa control group. Ipinapahiwatig nito na ang paggamit ng multimodal na estratehiya—na kinabibilangan ng video, audio, larawan, dramatikong presentasyon, at iba pang interaktibong materyales—ay nakatulong upang mas mapalalim ang pag-unawa at interes ng mga mag-aaral sa Panitikan. Sa kabilang banda, ang control group na gumamit lamang ng tradisyonal na lecture-based method ay nagpakita ng mas mababang resulta, na maaaring dulot ng kakulangan sa biswal at pandinig na stimulus na nakatutulong sa mas mabilis na pagkatuto.

Makikita rin sa talahanayan na ang computed t-value ay mas mataas kaysa sa critical t-value (0.05), kaya't ni-reject ang null hypothesis (Ho). Ang interpretasyon ng resultang ito ay may makabuluhang pagkakaiba sa post-test scores ng control at experimental groups. Ibig sabihin, ang mga mag-aaral na ginamitan ng multimodal na estratehiya ay nakapagtamo ng mas mataas na antas ng pagganap sa pagsusulit. Ang resulta ay nagpapatunay na ang makabagong pamamaraan ng pagtuturo ay may malinaw na epekto sa pagpapabuti ng akademikong kahusayan ng mga mag-aaral sa Panitikan.

Batay sa mga nakuhang resulta, ang kabuuang average rating ay 3.64, at ipinapahiwatig ng resulta na ang paggamit ng multimodal na estratehiya sa pagtuturo ay mas epektibo kaysa sa tradisyonal na pamamaraan. Ipinapakita ng mga datos na ang paggamit ng iba't ibang midya sa pagtalakay ng aralin ay nakatutulong sa mas aktibong partisipasyon, mas mataas na antas ng pag-unawa, at mas makabuluhang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



aaraal. Ipinapahiwatig din nito na dapat isaalang-alang ng mga guro ang pagsasama ng mga teknolohikal at malikhaing pamamaraan upang mas mapaingting ang kalidad ng pagtuturo.

Conclusion

Batay sa mga resulta ng pag-aaraal na ito, napatunayan na may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaraal sa post-test ng control at experimental groups sa asignaturang Panitikan. Ang paggamit ng multimodal na estratehiya sa pagtuturo ay nagdulot ng mas mataas na antas ng pagkatuto, mas malalim na pag-unawa, at mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaraal kumpara sa tradisyonal na pamamaraan. Ipinapakita ng mga natuklasan na ang pagsasama ng mga elemento ng multimedia gaya ng video, audio, larawan, at interaktibong gawain ay epektibong nakapagpapataas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaraal sa pag-aaraal ng Panitikan. Samakatuwid, ipinapahiwatig ng resulta na ang makabagong estratehiyang ito ay isang mabisang paraan upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Panitikan.

Recommendations

1. Ang plano ng pagpapabuti ay dapat ipatupad nang may estratehikong pag-iisip.
2. Ang mga mag-aaraal ay dapat maging aktibong kalahok sa mga gawain sa pagkatuto na gumagamit ng multimedia tulad ng panonood, pakikinig, at pagsasagawa ng mga interaktibong aktibidad upang mapalalim ang kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa Panitikan. Dapat din nilang paunlarin ang disiplina sa sarili at motibasyon sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya upang higit na mapalawak ang kanilang kaalaman sa labas ng silid-aralan.
3. Ang mga guro ay dapat patuloy na gumamit ng mga multimodal na estratehiya—gaya ng paggamit ng video, audio, larawan, at iba pang interaktibong midya—upang gawing mas kawili-wili at makabuluhan ang pagtuturo ng Panitikan. Dapat din silang lumahok sa mga pagsasanay o seminar na may kinalaman sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo upang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



higit na mapahusay ang kanilang kasanayan at epektibong maipatupad ang ganitong pamamaraan sa klase.

4. Ang mga punong-guro ay dapat magbigay ng sapat na suporta at kagamitan sa mga guro upang maisakatuparan ang paggamit ng multimedia sa pagtuturo. Dapat din nilang itaguyod ang isang kultura sa paaralan na nagbibigay-halaga sa inobasyon, kolaborasyon, at paggamit ng teknolohiya bilang bahagi ng epektibong pagtuturo at pagkatuto.

5. Ang Public Schools District Supervisor ay dapat masusing subaybayan at suriin ang pagpapatupad ng mga estratehiyang nakabatay sa multimedia sa pagtuturo ng Panitikan at iba pang asignatura. Dapat din silang magsagawa ng mga programa o workshop na magpapalawak sa kaalaman ng mga guro tungkol sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon at kung paano ito makatutulong sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral.

6. Ang mga magulang ay dapat magbigay ng suporta at paggabay sa kanilang mga anak sa paggamit ng multimedia resources sa bahay upang mapatibay ang kanilang pagkatuto. Dapat din nilang bantayan at tiyakin na ang paggamit ng teknolohiya ng kanilang mga anak ay may kaugnayan at nakatutulong sa kanilang pag-aaral.

7. Ang mananaliksik ay dapat ipagpatuloy ang pagsusuri at pagpapaunlad ng paggamit ng multimodal na estratehiya sa pagtuturo ng Panitikan at tukuyin ang pangmatagalang epekto nito sa pagganap at motibasyon ng mga mag-aaral. Dapat din niyang ibahagi ang mga resulta ng pag-aaral sa mga guro at iba pang tagapagturo upang mas mapalaganap ang epektibong paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo.

8. Ang mga susunod na mananaliksik ay dapat magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral sa iba't ibang baitang o asignatura upang mapalawak ang saklaw ng bisa ng multimedia na estratehiya sa pagkatuto. Maaari rin nilang tuklasin ang paggamit ng mga bagong teknolohiya gaya ng virtual o augmented reality bilang karagdagang paraan upang higit na mapaunlad ang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Panitikan.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



PASASALAMAT

Ang mananaliksik, tapat at may pananalig na nagpapahayag ng pasasalamat na mula sa puso, pagkagalugod at patanaw ng utang na loob sa mga mahalagang taong naglaan sa kanilang panahon, sikap at kakayahan sa paghanda upang mabuo at maisakatuparan ang pananaliksik na ito. Lubos na pasasalamat sa mga sumusunod:

Dr. Bryant C. Acar, tagapamuno sa Panel na may maraming tungkulin sa larangan ng pagtuturo, pagbibigay payo, pamumuno, pangangasiwa, at higit sa lahat nag-udyok at nagbigay inspirasyon sa kanya na ituloy ang kanyang mga mithiin;

Dr. Elvin H. Wenceslao, ang kanyang naging tagapayo, katuwang at gumabay upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Lubos niya itong pinasasalamatan. Ikaw ang nagsilbing ama at patuloy na kumalinga sa bawat problemang dumarating sa gitna ng pag-aaral. Salamat sa napakalawak na pag-unawa at matalinong pag-isip araw-araw na ibinigay mo. Dahil din po sa iyo naipagpatuloy niya ang pag-aaral na walang pag-aalinlangan. Kayo ang nagbigay sa kanya ng lakas upang hindi ihinto ang pag-aaral. Mula sa kaibuturan ng kanyang puso lubos po siyang nagpapasalamat sa iyo;

Dr. Jasmine B. Misa and Dr. Annabelle A. Wenceslao, mga miyembro sa Lupon ng Tesis at Panel na Tagapagsusulit, sa kanilang tapat at walang kinikilingang paghatol sa papel at katiyagaan sa pagbibigay ng mga mungkahi sa panahon ng pasalitang pagsusulit.

MANUEL P. ALBAÑO, Ph.D., CESO V, Schools Division Superintendent, sa pagbibigay ng pahintulot upang maisagawa ang pag-aaral sa Baybay City Senior High School sa Baybay City District III.

Sa mga Respondente ng Baybay City Senior High School mga mag-aaral, sa kanilang katapatan at pakikiisa sa pagkompleto ng mga kinakailangang datos.

Sa pamilya ng mananaliksik, na ang walang sawang pagmamahal at pang-unawa at tatlong lalaki na anak ang nagsilbing inspirasyon upang matapos niya ang aklat na ito.

Ang pinakamahalaga sa lahat ay ang PANGINOONG DIYOS, ang pinanggalingan ng lakas, sa kanyang walang humpay na basbas, gabay, talino, katatagan ng loob, katiyagaan at inspirasyon, libu-libong pasasalamat para sa Kanya, kung wala Siya hindi maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



MGA SANGGUNIAN

- [1] An, S. (2023). The impact of multimodal learning on student motivation. *Journal of Educational Psychology*, 115(4), 621-634. <https://doi.org/10.1037/edu0000763>
- [2] Bulu, M. S., & Uyar, M. (2022). The role of technology in multimodal learning: A systematic review. *Computers & Education*, 181, 104485. <https://doi.org/10.1016/j.compedu.2021.104485>
- [3] Chen, L. (2023). Emotional engagement in multimodal learning: Implications for teaching. *Journal of Affective Education*, 5(2), 100-115. <https://doi.org/10.1080/2331186X.2023.2000652>
- [4] Villanueva, K. (2017). Benepisyo ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa mga mag-aaral na may iba't ibang estilo ng pagkatuto.
- [5] Francisco, A. L., & Padilla, M. J. (2025). Using a multimodal approach in teaching literacy to Deaf college students enhances their comprehension. *University of the Philippines–De La Salle Benilde. Vice President for Academic Affairs Bulletin*. Retrieved from <https://ovpaa.up.edu.ph>
- [6] Garinto, L. A., & Valdez, P. N. (2018). Critical pedagogy and multimodality in the Philippines: Engaging learners in a post-truth era. *ResearchGate*. Retrieved from <https://www.researchgate.net>

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



BAYOGRAPIKAL NA DATOS



CHRISLAR TERO DE VEYRA

Ay ipinanganak noong ika-25 ng Abril taong 1998 sa Lungsod ng Baybay City, Leyte. Sa mga magkakapatid siya ang ikatlo mula sa apat na anak ni Hilaria Tero De Veyra at Christopher Villacorte De Veyra Sr.

Nakapagtapos siya ng Elementarya sa Baybay 1 Central School taong 2010 at sa High School naman ay sa Franciscan College of the Immaculate Conception taong 2014 hanggang Kolehiyo taong 2019. Noong 2019 ay nakapagtapos siya ng kanyang pag-aaral ng Bachelor of Secondary Education Major in Filipino. Naipasa niya ang Licensure Examination for Teachers (LET) noong 2022.

Sa taong 2019 ay nakapagturo siya agad sa isang pampridadong paaralan sa Acedilla Technological Institute bilang Senior High School Teacher at naatasang magturo sa asignaturang Filipino sa loob ng 2 taon kung saan marami na din siyang naisali na mga seminar work-shops upang mas maging mahusay siyang guro sa larangan ng pagtuturo sa asignaturang Filipino.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue II

November 2025


Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Sa taong 2023 nakapagturo siya bilang Guro 1 sa DepEd, Baybay City Senior High School, District III sa Baybay City, Leyte. Habang nag-aaral din siya ng Master sa Sining ng Edukasyon, nagpakadalubhasa sa Filipino sa Western Leyte Collge, sa Lungsod ng Ormoc City.

May tatlong anak na lalaki ang pangalan ng kanyang panganay na anak ay si Christoff Hemp, 8 na taong gulang at ang ikalawang anak naman ay si Chrislany Ollie, 4 na taong gulang. At magiging pangatlong anak na si Rey.

Naniniwala sa kasabihang "ANG DIYOS AY MAS MALAKI KAYSA SA IYONG MGA PROBLEMA AT TAKOT! KAYA LABAN LANG!



Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
